Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-16 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 27 HUNYO 2007, IKA - 09:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Baliaas	- Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Hernan C. Erorita	
Konsehal Gemar C. Montesa	
Konsehal Jovito D. Estrada	

Hindi Nakadalo:

Konsehal Larry V. Salazar	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Pangulo,Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

---

KAPASYAHAN BLG. 031
Taong 2007

KAPASYAHANG NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA KAGALANGGALANG NA PUNONG BAYAN JESUS M. DIMAPILIS NA PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN NG TULONG PINANSIYAL SA HALAGANG DALAWANG DAAN AT LIMAMPUNG LIBONG PISO (P250,000.00) SA ROXAS MUNICIPAL EMPLOYEES ASSOCIATION (ROMEA) NG ROXAS, SILANGANG MINDORO

SAPAGKAT, ang pagpapaunlad ng kabuhayan at pamumuhay ay isang adhikaing isinusulong ng mga pamayanan sa pakikipag-ugnayan sa mga namumuno sa pamahalaan;

SAPAGKAT, ang kagalingan at ikakabuti ng mga mamamayan ay isa sa mga tungkuling itinadhana ng batas sa mga namamahala sa ating pamahalaan kung kaya't ang mga inisyatibo tungo sa pag-unlad na itinataas ng mga mamamayan sa pamahalaan ay nararapat lamang bigyan ng pansin at suportang kinakailangan;

SAPAGKAT, sa kasalukuyan maraming asosasyon at organisasyong pantao ang aktibo sa kani-kanilang mga gawain ayon sa mga layunin/adhikain ng kanilang samahan, karamihan ay rehistrado at may akreditasyon sa Pamahalaang Bayan ng Roxas;

SAPAGKAT, karamihan sa mga akreditadong samahang ito ay nakipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan para sa tulong pinansiyal sa mga proyektong isasagawa ng mga miyembro;

SAPAGKAT, ang mga kasapi ng Roxas Municipal Employees Association (ROMEA) ay nagnanais na magkaroon ng karagdagang mapagkukunan para sa kanilang mga pangangailangan ito man ay proyektong pangkabuhayan o di kaya'y pampamilyang gastusin;

SAPAGKAT, nakita at nadama ng mga pinunong lokal ang kakulangan ng mga kinikita ng mga empleyado lalo na sa usaping pagpapa-aral at kalusugan ng miyembro ng kanilang mga pamilya kasama na rito ang minsang biglaang pagkakasakit at di inaasahang mga pangyayari;

SAPAGKAT, ang mga miyembro ng Sangguniang Bayang ito pagkatapos ng masusing pag-aaral ay nagkaisang bigyang kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan Jesus M. Dimapilis upang pumasok sa isang kasunduan sa Roxas Municipal Employees Association (ROMEA) para sa tulong pinansiyal sa kanilang proyekto.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Juan S. Advincula na sinang-ayunan ng lahat --

IPINASYA, gaya ng pagpapasiyang na bigyang kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan Jesus M. Dimapilis upang pumasok sa isang kasunduan sa Roxas Municipal Employees Association (ROMEA) para sa hinihiling na tulong pinansiyal sa mga proyektong pangkabuhayan ng mga miyembro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang kay Kgg. Punong Bayan Jesus M. Dimapils ng bayang ito para sa kanyang kaalaman at kinakailang aksyon.

IPINASYA PA RIN na bigyang sipi ng kapasyahang ito si G. Vergildo A. Gara, Jr., Municipal Accountant at Gng. Luz F. Lago, Municipal Treasurer ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro gayundin ang Roxas Municipal Employees Association (ROMEA) para sa kanilang kaalaman.

Pinagtibay ng lahat: 27 Hunyo 2007

PINATITIBAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

CESAR T. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

AGUSTIN L. CUSI
Konsehal

EDUARDO K. SORIANO
Konsehal

MAE ARLENE M. TALENS
Konsehal

JUANITO A. BACAY, JR.
Konsehal

JUAN S. ADVINCULA
Konsehal

HERNAN C. ERORITA
Konsehal

GEMAR C. MONTESA
Konsehal

JOVITO D. ESTRADA
Konsehal

Received
6/29/07

Received
6/29/07

Mr. Evangelista - Romar's Acctg. Office
6/29/07